At dahil si Satanas ang siyang pinaka-ugat ng kasalanan, tiyak din ang kaniyang magiging katapusan, sinasabi ng Biblia, "...kaya't ako'y naglabas ng apoy sa gitna mo; tinupok ka niyon, at ginawa kitang abo sa ibabaw ng lupa sa paningin ng lahat ng nakakita sa iyo...ikaw ay dumating sa isang kakilakilabot na wakas, at ikaw ay hindi na mabubuhay pa." *Ezekiel 28: 18,19*.

Ang kaparusahang tatanggapin ng masasama ay ayon sa kanilang mga gawa, "Ngunit parurusahan ko kayo ayon sa bunga ng inyong mga gawa, sabi ng Panginoon..." *Jeremias 21: 14*. May mga taong masusunog ng mas matagal kesa sa iba, ang iba naman ay saglit lang, sang-ayon sa liwanag na kanilang tinanggap at kung paano sila tumugon dito. "At ang aliping iyon na nakakaalam ng kalooban ng kanyang panginoon, ngunit hindi naghanda at hindi ginawa ang ayon sa kalooban nito ay papaluin nang marami. Subalit ang hindi nakakaalam at gumawa ng mga bagay na karapat-dapat sa mga palo ay papaluin ng kaunti..." *Lucas 12: 47,48*.

Sa kabila ng kaparusahang nakalaan para sa masasama, ang Diyos ay patuloy pa ring mananatili bilang pag-ibig. Sa pamamagitan ng apoy na ito, na siyang lilinis sa lupa para maging tahanan ng mga banal magpakailanman, tinitiyak ng Diyos na ang kasalanan at kamatayan ay hindi na muling iiral pa. Kaya nga, "Ngunit, ayon sa kanyang pangako, ay naghihintay tayo ng bagong langit at ng bagong lupa, kung saan ang katuwiran ay naninirahan." *2 Pedro 3:13*.

Alalahanin na ang apoy ng impierno ay apoy na "hindi mapapatay" Ibig sabihin, mananatili itong nagliliyab hangga't hindi pa lubos na napupuksa ang masasama. Hindi ito basta apoy lang!

Kaibigan, iniibig ka ng Diyos! Hanggad Niya na makasama ka sa buhay na walang hanggan, at hindi sa apoy na tutupok sa masasama. Tinanaggap mo ba na si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas? Nakasulat na ba ang iyong pangalan sa aklat ng buhay? "Tingnan mo, inilagay ko sa harapan mo sa araw na ito ang buhay at kabutihan, kamatayan at kasamaan." *Deuteronomio 30:15*. Nasa iyong kamay ang pagpapasya!

"Ngunit sa mga duwag, sa mga hindi nananampalataya, mga karumaldumal, mga mamamatay-tao, mga mapakiapid, mga mangkukulam, mga sumasamba sa mga diyus-diyosan, at sa lahat na mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa lawa na nagliliyab sa apoy at asupre, na siyang ikalawang kamatayan." Apocalipsis 21:8.

Aking dalangin na naging pagpapala ang munting babasahin na ito. Kung ikaw ay may mga tanong o para sa karagdagang kopya, mangyari lamang na makipag-ugnayan sa:

**Gospel Workers Ministry (Philippines)**
0930-772-4198
www.gospel-workersph.com

# ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA IMPIERNO

*"At ang sinumang hindi natagpuang nakasulat sa aklat ng buhay ay itinapon sa lawa ng apoy." Apocalipsis 20:15*

Para sa maraming mga tao, ang kaisipian tungkol sa impierno o lawa ng apoy ay lubhang nakakapangilabot . At dahil sa mali nating pagka-unawa tungkol dito, nagkakaroon din tayo ng maling kaisipan tungkol sa kung sino nga ba ang Diyos at ano ang Kaniyang mga katangian. Malinaw na ipinapakilala ng Biblia na ang Diyos ay pag-ibig (*1 Juan 4:8*). At dahil Siya ay pag-ibig, Kaniyang ipinadala ang tangi Niyang anak - si Jesucristo upang sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kaniya tayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan (*Juan 3:16*). Kaya nga, nais Niya na ang lahat ay magsisi sapagkat hindi Siya nalulugod sa kamatayan ng masama (*1 Pedro 3:9; Ezekiel 33:11*).

Bago natin tuluyang pag-usapan ang paksang ito, atin munang alamin kung anong sinasabi ng Biblia tungkol sa kung kanino nga ba inilaan ang impierno. "Pagkatapos ay sasabihin niya sa mga nasa kaliwa, 'Lumayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa. Doon kayo sa apoy na walang hanggan na inihanda sa diyablo at sa kanyang mga anghel." *Mateo 25:41*. Mula sa talatang ito, malinaw nating makikita na ang impierno ay para kay Satanas at sa kaniyang mga kampon. Hindi panukala ng isang maibiging Diyos na sinuman sa Kaniyang mga nilikha at tinubos ay masunog dito. Subalit ang masakit na katotohanan, maraming mga tao ang masusunog dito, hindi dahil iyon ang panukala ng Diyos para sa kanila, kundi dahil kanilang tinanggihan ang kaloob na buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pananampalataya sa ating Panginoong Jesus. Ating alalahanin na binigyan tayo ng Diyos ng karapatan na pumili ng malaya at hindi Niya tayo pipilitin ng labag sa ating sariling kalooban, kaya nga kinakailangan nating personal na magpasya.

Mayroon na bang impierno sa ngayon? Ang sagot, wala pa. Malinaw ang turo ng Biblia na ang apoy ng impierno ay magaganap lamang pagkatapos ng 1000 mga taon, sa panahong ito, ang masasama na namatay ay muling bubuhayin, "Ang mga iba sa mga patay ay hindi nabuhay hanggang sa natapos ang isang libong taon..." *Apocalipsis 20:5.* Kasabay nito, si Satanas ay "pakakawalan sa kanyang bilangguan, at lalabas upang dayain ang mga bansa na nasa apat na sulok ng lupa, sa Gog at sa Magog, upang tipunin sila para sa pakikipagdigma; ang bilang nila ay gaya ng buhangin sa dagat." *Apocalipsis 20: 7,8.* At habang kanilang kinukubkob ang banal na lungsod at ang mga banal na naroon, "...bumaba ang apoy mula sa langit, at sila'y natupok." *Apocalipsis 20:9*. Pansinin, ang impierno ay hindi isang lugar na nasa ilalim na bahagi ng lupang ito, kundi ito mismong ibabaw ng lupa ang pansamantalang magiging impierno. Kaya nga, wala pang impierno sa ngayon.

"Ang kamatayan at ang Hades ay itinapon sa lawa ng apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, ang lawa ng apoy." *Apocalipsis 20:14*. Ito ang kamatayan na wala ng pagkabuhay pa, ito ang kabayaran ng kasalanan na sinasabi ng *Roma 6:23*. "at ang sinumang hindi natagpuang nakasulat sa aklat ng buhay ay itinapon sa lawa ng apoy." *Apocalipsis 20:15*. Ang tanging paraan upang ang pangalan natin ay masulat sa aklat ng buhay ay tanging sa pamamagitan ng pagsisisi, pananampalataya, at pagtanggap kay Jesus bilang ating Panginoon at Tagapagligtas. Kaya nga, yaong mga taong hindi kumilala sa Kaniya, nabuhay sa pagkakasala, at tinanggihan ang awa at biyaya ng Diyos, sila, kasama ni Satanas at ng kaniyang mga kampon ang susunugin sa apoy.

"At ang usok ng hirap nila ay papailanglang magpakailanpaman; at sila'y walang kapahingahan araw at gabi, silang mga sumasamba sa halimaw at sa larawan nito, at sinumang tumatanggap ng tanda ng kanyang pangalan." *Apocalipsis 14:11*. Ibig sabihin ba nito na ang masasama ay "habambuhay" na mananatiling sinusunog sa impierno? Ang ganito bang uri ng kaparusahan ay nagpapakita na ang Diyos ay pag-ibig? Sa Biblia, kapag sinabing "magpakailanman" ito ay hindi palaging nangangahulugan na walang katapusan. Ginagamit din ito para tukuyin ang haba ng panahon kung hanggang saan nabubuhay ang isang tao. Makatuwiran ba na ang ang isang masama ay masunog ng libo-libong mga taon samantalang nabuhay lamang siya sa lupa ng wala pang isang daang taon? Tandaan, ang buhay na walang hanggan ay para lamang sa matuwid at banal, hindi para sa liko at makasalanan.

Malinaw na itinuturo ng Biblia na ang masasama ay lubusang mapupuksa, "Sapagkat narito, ang araw ay dumarating na gaya ng nagniningas na pugon, na ang lahat ng palalo at lahat ng gumagawa ng masama ay magiging parang ipa, at ang araw na dumarating ang susunog sa kanila, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, anupa't hindi mag-iiwan sa kanila ng ugat ni sanga man." *Malakias 4:1*. Sa apoy ng impierno, ang buong katawan ay matutupok at walang ititirang anuman, sila ay magiging abo! "Inyong yayapakan ang masasama sapagkat sila'y magiging abo sa ilalim ng mga talampakan ng inyong mga paa sa araw na aking inihahanda, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." *Malakias 4:3.*
"...at magiging wari bang sila'y hindi nabuhay." *Obadias 16*. Ito ang magiging wakas ng masama!